



## **PARA SA AGARANG PAGLABAS**

### **Ang Lungsod ng Brampton ay tumatanggap ng suporta sa pamamagitan ng My Main Street Community Activator Program sa Activate Downtown Brampton**

BRAMPTON, ON (Hunyo 10, 2022) – Ang Lungsod ng Brampton, kasama ang mga kapartner nito na Downtown Brampton Business Improvement Area (BIA) at 8 80 Cities, ay napili para makatanggap ng \$223,650 sa pamamagitan ng [My Main Street Community Activator Program](#) para sa Activate Downtown Brampton, isang serye ng mga interaktibong instalasyon at musikang pagtatanghal sa mga laneway ng Downtown Brampton at mga pampublikong lugar ng pagtitipon na magaganap hanggang Oktubre 2022.

Layon ng Activate Downtown Brampton na pataasin ang mga pagkakataon para sa panlipunang koneksyon at sibikong pakikipag-ugnayan at pasiglahin ang lokal na aktibidad ng ekonomiya. Kasama sa serye ang libreng lingguhang musikal na aktibidad na nagtatampok ng magkakaibang lokal na artist na nagpapakita ng mayamang pamana ng kultura ng lungsod para tangkilikin ng mga residente at bisita ng Brampton. Ang mga aktibidad ay magaganap tuwing Sabado mula 12 hanggang 2 pm, hanggang Oktubre 15, sa buong downtown. Tingnan ang mga lokasyon [dito](#).

Ang mga residente ay maaari ring magbahagi ng mga ideya kung paano gagawing mas masigla ang mga pampublikong lugar ng Downtown Brampton at maging aktibo sa pamamagitan ng pagbisita sa website ng [Activate Downtown Brampton](#) o pagdalo sa mga pop up na pakikipag-ugnayan sa mga pampublikong lugar na ito sa buong tag-init at taglagas.

Ang My Main Street Community Activator ay isang dalawang taon, \$23.25-milyong pamumuhunan ng Gobyerno ng Canada sa pamamagitan ng [Federal Economic Development Agency for Southern Ontario](#) (FedDev Ontario) na ihinahatid ng [Canadian Urban Institute](#) (CUI) at ng [Economic Developers Council of Ontario](#) (EDCO). Sa pamamagitan ng Activate Downtown Brampton, makakatulong ang seryeng ito na bumuo ng mas makulay na downtown na umaakit ng mga bisita at nagpapataas ng trapiko sa mga tindahan, restawran, at kapana-panabik na mga bagong pampublikong espasyo, na sumusuporta sa mga lokal na negosyo sa kanilang paggaling mula sa COVID-19.

#### **Tungkol sa Pinagsamang Plano ng Downtown**

Ang Downtown Brampton ay sumasailalim sa pagbabago, simula sa konstruksyon ng Rehiyon ng Peel para palitan ang watermain at mga sanitary sewer sa lugar, na susundan ng gawain ng Lungsod na palitan at palawakin ang mga bangketa, at pagkukumpuni at pag-resurface ng mga kalsada.

Ang mga pag-activate na ito ay bahagi ng pagpapatakbo ng Integrated Downtown Plan (IDP) ng Lungsod, isang roadmap para sa pagkilos na nag-uugnay sa maraming patuloy na inisyatiba at proyektong pang-imprastruktura ng Downtown Brampton na inaasahang gagabay sa paglago at estratehikong pamumuhunan sa hinaharap.

Ang mga gabay na prinsipyo ng IDP ay pagiging kasama, inobasyon at pagpapanatili. Makakatulong ito sa pag-coordinate ng mga upgrade sa imprastruktura, disenyong

panglungsod, paggamit ng lupa at mga interbensyon sa programming - na nagpoposisyon sa Brampton bilang isang mahalagang tagatulang nbg ekonomiya, pangrehiyon na hub ng kultura at Distrito ng Inobasyon.

Para sa karagdagang impormasyon sa IDP, bisitahin ang [www.brampton.ca/IDP](http://www.brampton.ca/IDP)

Para sa karagdagang impormasyon sa Downtown Brampton, bisitahin ang [www.brampton.ca/downtownbrampton](http://www.brampton.ca/downtownbrampton).

## Mga Quote

“Ang ating pamahalaan ay nakatuon sa pagtulong ng mga komunidad na buhayin muli ang kanilang mga pangunahing lansangan. Ang My Main Street ay nagbibigay ng mahalagang suporta sa mga proyektong magpapasigla sa mga kapitbahayan sa pamamagitan ng mga instalasyon, mga kaganapan at aktibidad na inklusibo, makabago at nakakaengganyo para gumawa ng mga trabaho at humimok ng paglago ng ekonomiya para sa mga lokal na ekonomiya.”

- *Ang Kagalang-galang na Helena Jaczek, Ministro na responsable para sa Federal Economic Development Agency para sa Southern Ontario (FedDev Ontario)*

“Kasama ang aming mga kapartner, nagsusumikap kaming pasiglahin at palabasin ang potensyal ng Downtown Brampton sa pamamagitan ng paggawa ng mga de-kalidad na lugar sa lungsod at ng isang pinahusay na pedestrian realm. Inaanyayahan ko ang mga residente na makilahok sa mga kaganapan sa Activate Downtown Brampton ngayong tag-init. Ibahagi ang inyong mga ideya kung paano namin mapapabuti ang aming mga pampublikong espasyo, samahan kami tuwing Sabado para tangkilikin ang live na musika at patuloy na suportahan ang aming mga kamangha-manghang lokal na negosyo.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Lungsod ng Brampton ay patuloy na gumagawa ng mga hakbang para baguhin ang ating downtown at gumawa ng mga masiglang pampublikong espasyo para tamasahin ng mga residente at bisita ng Brampton. Pinasasalamat namin ang FedDev Ontario para sa mahalagang pamumuhunan na ito at umaasa kami sa patuloy na pakikipagtulungan sa aming mga kapartner para bumuo ng isang mas masiglang downtown, at suportahan ang aming mga lokal na negosyo habang sila ay gumagaling mula sa COVID-19.”

- *Martin Medeiros, Regional Councillor, Wards 3 at 4; Tagapangulo, Pag-unlad ng Ekonomiya, Lungsod ng Brampton*

“Sa Lungsod ng Brampton, nakatuon kami sa pagpapabuti ng kalidad ng buhay para sa aming mga residente at pagsuporta sa mga lokal na negosyo sa pamamagitan ng mga lokal na pamumuhunan at pakikipagpartner. Patataasin ng Activate Downtown Brampton ang mga pagkakataon para sa panlipunang koneksyon at sibikong pakikipag-ugnayan at pasiglahin ang lokal na aktibidad ng ekonomiya sa Downtown Brampton.”

- *Paul Morrison, Pansamantalang Punong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

"Kami ay nasasabik na magtrabaho sa pakikipagtulungan sa Lungsod ng Brampton at 8 80 Clties para i-activate ang aming downtown ngayong tag-init at taglagas at suportahan ang

aming mga kahanga-hangang lokal na negosyo sa pamamagitan ng mga pagsisikap sa paggawa ng lugar ng komunidad."

- *Carrie Leigh Percival, Tagapangulo, Downtown Brampton BIA*

-30-

**Bilang isa sa pinakamabilis na lumalagong lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng higit sa 700,000 katao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ay nasa gitna ng lahat ng aming ginagawa. Pinalalakas kami ng aming magkakaibang mga komunidad, nakakaakit kami ng pamumuhunan, at kami ay nagsisimula sa isang paglalakbay para manguna sa teknolohikal at pagbabago sa kapaligiran. Nakikipagtulungan kami para sa pag-unlad para bumuo ng isang malusog na lungsod na ligtas, napapanatili at matagumpay. Makipag-ugnayan sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Matuto ng higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

Ang [8 80 Cities](#) ay isang non-profit na organisasyon na may misyon na magpasiklab ng aksyon at hamunin ang status quo na gumawa ng mas malusog, mas pantay at napapanatiling mga lungsod para sa lahat ng tao. Ginagabayan kami ng isang simple ngunit makapangyarihang tanong- paano kung lahat ng ginawa natin sa ating mga lungsod ay maganda para sa isang 8 taong gulang at sa 80 taong gulang? Naniniwala kami na ang pagsisimula sa tanong na ito ay makakatulong sa paggawa ng magagandang lungsod para sa lahat ng tao. Ang aming pangkat ay nagtatrabaho sa mahigit 350 lungsod sa buong mundo na nangunguna sa mga proyekto na nagbabago sa mga pampublikong lugar.

Ang [Downtown Brampton Business Improvement Area](#) ay nagtataguyod ng komersyal na lugar bilang isang makulay na distrito ng negosyo at pamimili. Sa pamamagitan ng mga espesyal na kaganapan, pag-aanunsyo, at mga programa sa pagpapaganda, nilalayan naming panatiliing nangunguna ang lugar sa isip ng publiko bilang isang kaakit-akit, kaaya-ayang lugar para mamili, maaliw, magtrabaho at manirahan.

Ang [Canadian Urban Institute](#) ay ang pambansang plataporma na nagtataglay ng pinakamahusay sa gusali ng lungsod ng Canada — kung saan ang mga gumagawa ng patakaran, mga propesyonal sa lungsod, mga pinuno ng sibiko at negosyo, mga aktibista sa komunidad at mga akademiko ay maaaring matuto, magbahagi at makipagtulungan sa isa't isa mula sa isang dulo hanggang sa kableng dulo. Sa pamamagitan ng pagsasaliksik, pakikipag-ugnayan at pagkukuwento, ang aming misyon ay tiyaking bubuo ang Canada ng masigla, patas, matitirahan at matatag na mga lungsod. I-follow kami sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#).

Sa mahigit 12 taon, ang Gobyerno ng Canada, sa pamamagitan ng [FedDev Ontario](#), ay nagtrabaho para isulong at pag-iba-ibahin ang ekonomiya sa katimugang Ontario sa pamamagitan ng mga pagkakataon sa pagpopondo at mga serbisyo sa negosyo na sumusuporta sa pagbabago, paggawa ng trabaho at paglago sa pinakamataong rehiyon ng Canada. Ang Ahensya ay nakapaghatid ng mga kahanga-hangang resulta, na makikita sa mga negosyo sa katimugang Ontario na gumagawa ng mga makabagong teknolohiya, nagpapahusay ng produktibidad, nagpapalaki ng kanilang mga kita, gumagawa ng mga trabaho at sa pagsulong ng ekonomiya ng mga komunidad sa buong rehiyon. Matuto nang higit pa tungkol sa mga epektong nararanasan ng Ahensya sa katimugang Ontario sa pamamagitan ng paggalugad sa aming [mga mahahalagang proyekto](#), sa aming [Southern Ontario Spotlight](#), at sa [Twitter](#), [Facebook](#), [Instagram](#) at [LinkedIn](#) ng FedDev Ontario.

## MGA KONTAK NG MEDIA

City of Brampton Multicultural Media  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)

Jiya Benni  
Project Manager, 8 80 Cities  
[jbenni@880cities.org](mailto:jbenni@880cities.org)  
647 800 5590

Suzy Godefroy  
Executive Director, Downtown Brampton Business Improvement Area  
[Suzy.Godefroy@brampton.ca](mailto:Suzy.Godefroy@brampton.ca)

Nick Hanson  
Communications Lead

Canadian Urban Institute  
[media@mymainstreet.ca](mailto:media@mymainstreet.ca)

Monica Granados  
Press Secretary, Opisina ni Kgg. Helena Jaczek  
Ministro na responsable para sa Federal Economic  
Development Agency para sa Southern Ontario  
[monica.granados@feddevontario.gc.ca](mailto:monica.granados@feddevontario.gc.ca)